
**SANGAY NG MGA PAARALANG LUNGSOD**
**LUNGSOD NG PASAY**

**UNANG LAGUMANG PAGSUSULIT SA IKATLONG MARKAHAN**
**FILIPINO 1**
**T.P. 2021-2022**


Pangalan: ____________________________________ Iskor: ____________________
Pangkat: ________________________________ Guro: _________________________


**<u>Panuto</u> : Piliin at isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang bago ang bilang.**

**I. Piliin ang wastong baybay ng mga salita na nasa larawan.**

_________ **1.**  **A**. pantasa **B**. tasapan **C**. apntasa

________ **2.**  **A**. nitordya **B**. dyanitor **C**. tornidya

________ **3.**  **A**. lakapa **B**. kapala **C** . palaka

_________**4.**  **A**. paaralan **B**. aparalan **C**. lanpaara

**II. Pakinggan ang kuwentong babasahin ng iyong magulang. Sagutin ang tanong sa ibaba.**

**Papasok na si Aizen**


Gumising nang maaga si Aizen . Siya ay nagdasal. Ang kama ay inayos niya. Siya ay naligo at nagbihis . Siya ay kumain ng almusal. Ang bag niya na may lamang gamit sa paaralan ay binitbit niya . Siya ay masiglang nagpaalam sa kaniyang ina .

_______ **5**. Ano ang susunod na pangyayari sa napakinggang kuwento?

**A.** Siya ay papasok na sa paaralan.
**B.** Siya ay uuwi na sa bahay.
**C.** Siya ay pupunta sa palengke.

**III. Tingnan ang larawan . Piliin ang angkop na panghalip sa pangungusap.**


_______**6.**  _____ ay si Manny. Ang lider ng aming pangkat.
**A.** Ako **B.** Ikaw **C.** Siya

_______**7.**  "Renz , ___________ na ang guguhit ng mga


LIVEWORKSHEETS

bagay-bagay", sabi ni Manny.

**A.** Ako **B.** Ikaw **C.** Siya



________**8.** " ____________ naman ang magkukulay sa mga iginuhit ni Renz", sabi nila Darren, Darryl at Darby sa kanilang lider.

**A**.Kami **B**. Kayo **C**. Sila



________**9.** " ____________ naman Arky at Zyon ang mag- uulat sa ating pangkat", ang sinabi ni Manny sa kanila.

**A**.Kami **B**. Kayo **C**. Sila

**IV. Piliin ang tamang paksa ng talata at tula.**

__________ **10.** Ang aking aklat ay maraming kuwento. Ito ay pasalubong ng aking ninang. Iingatan at babasahin ko ito araw-araw. **Ano ang paksa ng talata?**

**A.** babasahin niya **B**. pasalubong ni ninang **C**. ang aklat

__________ **11**. Ako ay may lapis.

Ang tasa nito ay matulis.
Sa pagsulat ay nagagamit,
Gayundin sa pagguhit.

**Ano ang paksa ng tula?**

**A**. matulis na lapis **B**. gamit sa pagguhit **C**. gamit sa pagsulat

**V. 12-13 Basahin ang talata. Piliin ang mga salita na nasa talata.**

Ang bag niya ay maganda. Ito ay malaki at kulay pula. Ang bag ay galing sa kaniyang lola upang gamitin niya sa pagpasok sa paaralan. Siya ay nagpasalamat sa kaniyang lola.

**Anu-ano ang mga salita na nasa talata?**

__________**12.** **A.** bag **B.** baso **C.** basket

__________**13** **A.** paglabas **B.** pagpasok **C.** pag-uwi

**VI. 14-15 Basahin ang talata. Sumipi ng pangungusap sa talata.**

Ang mga mag-aaral ay naglilinis ng silid -aralan. Ang mga lalaki ay nagpupunas ng mga mesa at upuan. Ang mga babae naman ay nagwawalis ng sahig. Sila ay matulunging bata.

**14. Sipiin ang unang pangungusap sa talata.**

______________________________________________

**15. Sipiin ang huling pangungusap sa talata**

______________________________________________



LIVEWORKSHEETS

**SANGAY NG MGA PAARALANG LUNGSOD**
**LUNGSOD NG PASAY**

**IKALAWANG LAGUMANG PAGSUSULIT SA IKATLONG MARKAHAN**
**FILIPINO 1**
**T.P. 2021-2022**

Pangalan: ________________________________________ Iskor: ______________________
Pangkat: ____________________________________ Guro: __________________________

## I. Isulat ng letra ng tamang sagot sa patlang.

### A. Para sa bilang 1-3, basahin ang maiksing kwento at sagutin ang mga sumusunod na tanong.

Ubod ng yaman sina Juan lahat ng nais niya ay kanya itong nakukuha at dahil din tido ay inakala niya na wala nang maitutulong ang pag-aaral sa kanya. Hindi siya nakikinig sa ina niya at palagi siyang wala sa klase. Subalit, isang araw, nangyari ang 'di inaasahan at nag-iba ang buhay nina Juan. Doon siya nagsimulang magsisi at manghinayang sa mga nasayang na oras at pagkakataon.

_____ 1. Ano ang naramdaman ni Juan sa kanyang tinatamasa?
a. malungkot b. masaya c. nababalisa

_____ 2. Ano sa palagay mo ang mararamdaman ng mga magulang ni Juan sa palagiang wala sa klase?
a. malulungkot b. matutuwa c. ikagagalak

_____3. Ano ang naramdaman ni Juan nang magbago ang kanilang pamumuhay?
a. masaya b. tuwang-tuwa c. pagsisi

### B. Para sa bilang 4-5, basahin ang kuwento at bigyan ng sagot ang bawat katanungan pagkatapos ng kuwento. Isulat ang sagot sa patlang.

Palagi na lang ang lumang sapatos ang sinusuot ni Kulas kahit binibilhan naman siya ng bago ng ina niya. Kahit hindi sila mayaman, ibinibigay ng mag-asawang Julio at Vina Cruz ang kailangan ng mga anak nila. Subalit, hindi alam ng mag-asawa na may ginagawa pala ang anak nilang si Kulas kung kaya't palaging lumang sapatos ang suot nito.

4. Ano ang damdamin ni Tonio sa kanyang pag-aaral?

______________________________________________________________


LIVEWORKSHEETS

5. . Ano kaya ang ginagawa ni kulas kaya't palaging lumang sapatos ang suot nito?


_______________________________________________

**C. Isulat sa patlang ang *PL* kung ang kasarian ng pangngalan ay Panlalaki , *PB* kung ang kasarian ng pangngalan ay Pambabae, *DT* kung ang kasarian ay Di-Tiyak at *WK* kung walang kasarian.**


_____ 6. prinsipe _____ 7. ate _____ 8. artista

**D. Bilugan ang angkop na pamalit sa tunog na may salungguhit upang makabuo ng bagong salita na ngalan ng larawan.**

9. lumot ( su ku mu )



10. sapa ( ma la ba )



**E. Para sa bilang 11-13, piliin sa kahon ang tamang mensahe o teksto ayon sa larawan at isulat sa patlang ang tamang sagot.**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Tamang tawiran** | **pila** | **malungkot** | **sang-ayon** |
| | **Nakakalason** | **bawal tumawid** | |








_______________ _______________ _______________

**F. Sagutin ang mga tanong. Isulat ang sagot sa patlang.**



14. Ano ang nakikita mo sa larawan?

_______________________________

15. Kung ikaw ang bata sa larawan, gagayahin mo ba ito? Bakit?

_______________________________

_______________________________



LIVEWORKSHEETS